# Regular na mga Pagbabakuna sa Paaralan

Ang Peel Public Health ay nagbibigay ng regular na mga pagbabakuna sa paaralan sa karapat-dapat na mga estudyante sa grade 7 at mas matanda sa mga klinika ng paaralan at komunidad. Ang mga iniaalok na bakuna ay ang **Meningococcal-C-ACYW, Hepatitis B (Hep B), at Human Papillomavirus (HPV)**.

Ang mga bakuna na ito ay lahat libre para sa mga estudyante. Ang ilang bakuna ay tinutustusan ng pamahalaan sa loob ng limitadong panahon, at ang estudyante ay maaari lamang karapat-dapat hanggang sa particular na edad. Maaari pa ring mabakunahan ang mga estudyante kung wala silang Ontarian Health Card.



Ang **meningococcal disease** ay isang impeksyon na karaniwang dulot ng limang iba't ibang pangkat ng bakterya na nakaka-impeksyon sa dugo o sa likido sa paligid ng utak at spinal cord. Ito ay isang bihirang sakit, ngunit ang mga sintoma ay maaaring mabilis na magiging banta ng buhay. Ang mga komplikasyon mula sa sakit ay maaaring humantong sa pinsala sa utak, permanenteng pagkawala ng pandinig, mga atake, pagkakaputol ng paa at/o kamay o kamatayan.

**Kumakalat ito** sa pamamagitan ng direktang kontak sa laway o mucus mula sa isang naimpeksyon na tao, na maaaring magaganap sa pamamagitan ng paghalik, pagbabahagi ng inumin, mga kagamitan sa pagkain, o sipilyo, atbp.

Ang **bakunang Men-C-ACYW** (Nimenrix®, Menactra®, Menveo™) ay nagbibigay ng proteksyon laban sa apat na pangkat ng bakterya na nagdudulot ng impeksyon. Ang bakuna ay libre at 80-85% epektibo.

Ang bakuna na may iisang dosis ay kinakailangan sa pagpasok sa paaralan sa Ontario maliban kung ang estudyante ay may balidong eksemsyon. Ang bakunang Men-C-ACYW ay inirerekumenda para sa lahat ng tin-edger, kahit na nabakunahan na sila nang sanggol pa lamang o nang toddler pa lamang.



Ang **Hepatitis B** ay isang napaka-nakakahawang virus na umaatake sa atay at makapagdudulot ng sakit sa atay at kanser sa atay. Walang gamot. Karamihan sa mga tao ay gumagaling, ngunit ang iba ay nananatiling may impeksyon at dinadala ang virus sa kanilang katawan sa kanilang buong buhay.

**Kumakalat ito** sa pamamagitan ng direktang kontak sa dugo o likido ng katawan ng isang naimpeksyon na tao, kahit na hindi sila maysakit tingnan o hindi nakakaramdam na maysakit. Maaari itong kumalat sa pamamagitan ng mga labaha, karayom, o sipilyo; hindi protektadong pakikipagtalik; at hindi maayos na pagkakalinis na kagamitan sa pagta-tatoo o spa.

**Ang bakuna sa hepatitis B** (Recombivax HB® o Engerix®-B) ay ligtas at higit sa 95% epektibo kapag naibigay ang lahat ng dosis.


Ang mga estudyante, na edad 11 – 15 ay nangangailangan ng 2 dosis, ibibigay na 6 na buwan ang pagitan. Ang mga estudyante na may mahinang immune system, o edad 16 at mas matanda ay mangangailangan ng pangatlong dosis.

Ang **Human Papillomavirus** ay isang napaka-karaniwan na virus na makapagdudulot ng mga kanser sa bibig, ulo at leeg, cervix at mga ari. Maraming tao ang hindi nakakaalam na sila ay naimpeksyon at hinding-hindi nagkakaroon ng mga sintomas, kaya naihahawa nila ito sa iba nang hindi nalalaman. Walang gamut, at walang bkauna, tinatayang 3 sa 4 na aktibo sa sex na mga Canadian ang magkakaroon ng HPV sa buong buhay nila.

**Kumakalat ito** sa pamamagitan ng kontak sa balat sa bahagi ng ari o sa panahon ng pagtatalik. Ang pinakamabuting paraan para maiwasan ang impeksyon ng HPV ay ang magpabakuna bago makikipagtalik sa unang pagkakataon.

**Ang bakunang HPV-9** (Gardasil®-9) ay ligtas at higit sa 95% epektibo kapag ang lahat ng dosis ay ibinigay. Pumipigil ito sa impeksyon laban sa pitong uri ng virus na maaaring hahantong sa kanser at dalawang uri na nagdudulot ng kulugo sa ari.

Ang mga estudyante na wala pang 15 taong gulang ay nangangailangan ng 2 dosis, na ibibigay na 6 na buwan ang pagitan. Ang mga estudyante na may mahinang immune system o 15 taong gulang at mas matanda ay mangangailangan ng pangatlong dosis.



## Ano ang aasahan ko matapos matanggap ang (mga) bakuna?

- Ang karamihan sa mga tao ay walang mga problema matapos mabakunahan. Ang iilan ay may masakit na braso o pamumula, pamamaga, pangangati sa bahaging tinurukan.
- Paminsan-minsan, ang pagkapagod, pananakit ng ulo, pagkahilo, pagduduwal at bahagyang lagnat ay maaaring maranasan.



## Kailan tatawag ng doktor:

- Ang allergic at matinding mga reaksyon matapos ang pagbabakuna ay napakabihira. Maaaring maganap ang mga side effect sa loob ng tinatayang isang linggo matapos ang pagbakuna.
- Makipag-ugnayan sa iyong doktor at sa Peel Public Health sa 905-799-7700 kung makakaranas ka ng alinman sa mga sintoma sa ibaba. Kung matindi ang iyong mga sintoma, tawagan ang 911.
  - hirap sa paghinga
  - pamamaga ng mukha o bibig
  - hives
  - napaka-maputlang kulay o pagka-antukin
  - mga atake
  - lagnat na higit sa 40°C

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **peelregion.ca/immunize** o tawagan ang Peel Public Health sa **905-799-7700.**

CDS-1369 23/12